


Saan Suriin ang LFL Bago ang Mainit na Trabaho ? Agosto 2020



Mga lokasyon na susuriin ang LFL bago at sa panahon ng mainit na trabaho

Maraming sunog at pagsabog sa ating industriya sa mga nakalipas na mga taon ng dahil sa pag-aapoy galing sa tilamsik ng Mainit na Trabaho o Hot Work. Tinalakay sa Mayo 2020 Beacon ang mga naka-mamatay na kahihinatnan mula sa kahintulad na kaganapan. Ang isang elemento ng paghahanda para sa Mainit na Trabaho o Hot Work ay ang suriin - at iwasan - ang presensya ng mga nasusunog na materyales / o hindi ba nagliliyab na mga singaw "sa loob ng 35 ft (10.7m)".

[* Ang inirekumendang distansya mula sa parehong US OSHA at National Fire Protection Assoc. (NFPA)].

Sinusuri ng maraming mga kumpanya ang mga nasusunog na mga singaw sa lahat ng lugar kung saan posibleng tumalbog ang mga tilamsik mula sa mainit na trabaho. Ipinapakita sa ilustrasyon ang ilang mga lokasyon na dapat suriin. Kailangang suriin ang LFL na gas gamit ang detektor sa paligid ng lokasyon ng mainit na trabaho mismo, pati na rin ang bawat lugar sa paligid at sa ibaba kung saan maaaring tumalbog ang mga mainit na partikulo. Kasama dito ang paggamit ng pang-suri (maliit na tubong pang-sampol) upang suriin ang loob ng mga bukas na mga tubo ng proseso o sa loob ng mga limasan at mga daluyan ng proseso tulad ng mga puntos na 5-9.

Alam Mo Ba?

- Ang mga tilamsik mula sa pagputol gamit ang apoy, paghinang at paggiling ay maaaring tumalbog ng malayo. Iyon ang dahilan kung bakit ang karamihan sa mga permiso iniutos ang pag-alis ng mga nasusunog na mga materyales at ang pagsuri para sa mga nasusunog na gas sa loob ng 35ft (10.7m)
- Maaaring hilahin ng grabidad (gravity) ang mga tilamsik at mainit na mga partikulo hanggang sa lupa - at maging sa mga hukay at limasan. Kung may isinasagawang mainit na trabaho sa mataas na lugar suriin ang LFL sa ilalim nito
- Karamihan sa mga nasusunog na mga singaw ay mas mabibigat kaysa sa hangin, kaya't posibleng ang mga ito ay ay ma-ipon sa mababang mga puwang, kabilang ang mga daluyan at limasan.
- Kahit na ang mas magaan na nasusunog na mga singaw ay maaaring magtagal sa mga lugar na may mahinang bentilasyon - tulad ng sa loob ng mga tubo, mga sisidlan, o mga pader na naglalaman.
- Hindi alam ng mga kontraktor at ng mga manggagawa sa pagpapatili ang iyong proseso. Hindi nila alam ang lahat ng mga lugar para tukuyin ang mga nasusunog na mga singaw.
- Maaaring magbago ang mga kondisyon habang isinasagawa ang mainit na trabaho. Ang mga operasyon ng proseso, sira, o kahit na ang mga kondisyon ng panahon ay maaaring magpasok ng mga nasusunog na materyales malapit sa kung saan isinasagawa ang mainit na trabaho.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Suriin ang bawat puwang at limasan sa loob ng 35ft (10.7m) sona o "kampana" o ang distansyang tinukoy ng iyong kumpanya.
- Ang ilang mga kumpanya ay iniutos ang muling pagsubok sa LFL upang pamahalaan ang pagbabago ng mga kondisyon. Subaybayan ang apektadong lugar upang mapanatiling ligtas ang kondisyon.
- Gamitin ang iyong kaalaman sa proseso upang matukoy ang mga lugar kung saan maaaring mayroong nasusunog na singaw o madaling masunog na mga likido at solido
- Gamitin ang mga "pang-gala" o mga tubong pang-sampol na kasama ng iyong mga detektor ng usog o gas para suriin ang mga puwang
- Gumamit ng Panghinang na Kumot at iba pang mga proteksyon upang pigilan ang mga tilamsik at mga partikulo na makarating sa mga lugar na hindi dapat.

PERO HUWAG UMASA LANG SA MGA ITO!

Pag-suri sa LAHAT ng mga lugar kung saan maaaring mag-aapoy ang mga nasusunog na singaw!